Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG ENERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9.50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ....... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad - SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

KAPASIYAHAN BLG. 024-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG BARANGAY JASAAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN LABINGLIMANG LIBO ANIMNARAAN LIMAMPU'T PITONG PISO AT APATNAPU'T APAT NA SENTIMOS (P115,657.44)*

*SAPAGKA'T*, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Jasaan para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

*SAPAGKA'T*, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC # 70 ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Jasaan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Mike Jomel M. Ombico at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang Annual Investment Plan (AIP) ng Barangay Jasaan na nagkakahalaga ng P115,657.44.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagasuri at Sang. Brgy. ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*.
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan